Gayundin, kapag nagkaroon ng hindi maiwasang pangyayaring nagpapahirap ng inyong pagsasanay sa kasalukuyang institusyon ng inyong pagsasanay, maaari kayong magsumite ng kahilingan sa nangangasiwang organisasyon o sa institusyon ng pagsasanay na mailipat kayo sa ibang lugar ng pagsasanay. Mangyaring gamitin ang nakatakdang aplikasyon para dito na nakasaad sa sariling wika. Bilang karagdagan, kapag hindi mapapatupad ang pagsasanay ng mga technical intern trainee dahil sa hindi maiwasang pangyayari at nais pa rin ninyong ipagpatuloy ang pagsasanay, may obligasyon ang nangangasiwang organisasyon na ilipat kayo sa ibang lugar at kung hindi naman maisagawa ito, handa kami sa organisasyon na bigyan kayo ng suporta upang makalipat, kung kaya kumonsulta kayo sa amin o humiling ng konsultasyon sa sariling wika. Kapag hindi mapapatupad ang inyong pagsasanay dahil sa hindi maiwasang pangyayari at nais ninyong magtrabaho na kakaiba sa teknikal na pagsasanay habang naghihintay ng balita tungkol sa inyong paglipat upang kumita at masuportahan ang pang-araw-araw na panumuhay, maaari kayong magtrabaho ng part-time ng hanggang 28 oras sa isang linggo. Mangyaring kumonsulta sa pinakamalapit na tanggapan ng Regional Immigration Bureau tungkol dito.

Ang mga sumusunod ay nabibilang na hindi maiwasang pangyayari, at mangyaring kumonsulta sa nangangasiwang organisasyon at iba pa kung hindi ninyo matiyak ang pagpapasiya tungkol dito.

- Kapag nabawasan ang negosyo ng kumpanya ng destinasyon dahil sa pagkabankarote • pagsasara o pagkasira ng pamamahala nito
- Kapag tumanggap ang kumpanya ng destinasyon ng pagkansela o pagbawi ng sertipikasyon bilang lugar ng pagsasanay
- Kapag may insidente ng paglabag ng karapatang pantao sa lugar ng pagsasanay tulad ng karahasan, at bawat uri ng panliligalig, sekswal man o kaugnay sa pagbubuntis, at iba pa
- Kapag may naganap na malubha o malisyosong paglabag sa batas at mga regulasyon laban sa inyong pagkatao sa lugar ng pagsasanay
- Kapag mayroong malaking pagkakaiba ang mga kondisyon at benepisyo sa pagtatrabaho sa lugar ng pagsasanay at ang nakasaad sa kontrata bago pumarito sa bansang Hapon, at hindi isinagawa ang pagwawasto bagama't hiniling ito sa kinauukulan

Gayundin, kung hindi kayo maaaring mamalagi sa dormitoryo dahil sa hindi maiwasang dahilan, handa kaming magbigay ng suporta para sa pansamantalang lugar na matutuluyan, kung kaya kumonsulta kayo sa amin.

Dagdag pa rito, kung kayo ay pauwiin sa inyong bansa na labag sa inyong kalooban, maaari kayong humingi ng payo o mag-ulat sa aming organisasyon, at pati na rin sa oras ng pag-alis, maaari rin kayong lumapit sa opisyal ng imigrasyon sa paliparan at iba pa, at magpahayag tungkol dito.

10. 技能実習を行うことが困難になった場合



本来、技能実習は、技能実習生ごとに作成された技能実習計画に従い、途中で中止されることなく実施されなければなりません(技能実習生の病気・怪我(労災含む。)、技能実習生の家族の都合や自身の妊娠・出産等により技能実習の実施が困難となり帰国した場合であっても、技能実習生が希望する場合には、改めて技能実習を再開することができます。)

しかし、過去には、一部で技能実習生の意に反し、技能実習計画満了前に帰国させられるという事案が発生していました。

そのため、技能実習法においては、実習先の経営上の都合、技能実習生の病気や怪我(業務上の怪我などを含む。)の事情等で技能実習を継続することが困難となった場合には、監理団体等は技能実習実施困難時届出書を機構に提出することが求められています。

その際に、技能実習生が技能実習計画の満了前に途中で帰国することとなる場合には、技能実習生に対し、意に反して技能実習を中止して帰国する必要がないことの説明や帰国の意思確認を書面により十分に行った上、技能実習生の帰国が決定した時点で帰国前に機構に届け出なければならぬとされています。

また、現在の実習先で技能実習を行うことが困難なやむを得ない事情が生じた場合には、監理団体や実習先に対し、母国語で記された転籍を申し入れるための用紙がありますので、監理団体等に確認するなどして、活用してください。なお、やむを得ない事情で技能実習を行うことが困難となった場合で、あなたが引き続き技能実習を希望しているときには、監理団体には新たな実習実施先に転籍させる責務がありますが、監理団体が責務を履行しないときは、機構において実習先変更の支援を行いますので、機構又は母国語相談に相談してください。やむを得ず技能実習の実施が困難となり、転籍のための手続を行っている間に、生活費を確保する目的で、技能実習以外の就労を行いたい場合には、週28時間以内のアルバイトを行うことが可能ですので、最寄りの地方出入国在留管理局に相談してください。

やむを得ない事情には、例えば次のようなものが当てはまりますが、判断に迷う場合には監理団体等に確認してください。

- ・実習先が倒産・廃業や経営悪化で事業縮小したとき
- ・実習先が実習認定の取消しを受けたとき
- ・実習先で、暴行、各種ハラスメント(パワーハラスメント、セクシュアルハラスメント、マタニティハラスメント)などの人権侵害行為があったとき
- ・実習先があなたに対し、技能実習を行う上で、重大悪質な法令違反行為を行ったとき
- ・あなたの労働条件や待遇が、入国前にあなたが実習先と契約した内容と大きく異なっていて、実習先に是正を求めても是正されないとき

このほか、やむを得ない事情により宿舎に宿泊することができない場合は、機構による一時宿泊先の提供を受けることもできますので、機構に相談してください。なお、あなた(技能実習生)の意思に反して帰国を促された場合にあっては、機構に相談や申告の申出を行うことができるほか、万が一、空港などに連れてこられたときでも、出国手続の際に入国審査官にその旨を申し出ることができます。

Suporta sa paglipat ng lugar ng teknikal na pagsasanay (Internet sayt na nagbibigay ng suporta sa paglipat ng lugar para sa technical training)	[Site para sa suporta sa paglipat ng lugar ng pagsasanay] https://www.support.otit.go.jp/jisshu/jp/ * Ang konsultasyon ay maaring isagawa gamit ang sariling wika. * Kailan pwedeng makatanggap ng suporta sa paglipat ng lugar ng pagsasanay - Kapag ang kasalukuyang teknikal na pagsasanay ay hindi na magpapatuloy dahil sa hindi maiiwasang kadahilanan.(*) ngunit gustong ipagpatuloy ang teknikal na pagsasanay sa ibang kumpanya (*) Halimbawa: Pagkabankarote, pagsasara o pagbabawas ng negosyo ng lugar ng pagsasanay	Kapag hindi kayo tinulungan ng namamahalang organisasyon bagama't humingi kayo ng suporta para mapalitan ang lugar ng inyong technical training, mangyaring magsadya sa aming tanggapan at kumonsulta.
Suporta ng Organisasyon sa Paninirahan (Pagtulong sa Pansamantalang Paninirahan)	Kapag dahil sa hindi maiwasang pangyayari dulot ng hindi wastong pag-uugali, pamamalakad o pagpapatakbo ng negosyo ng namamahalang organisasyon o tagapangasiwa ng pagsasanay, hindi kayo maaaring mamalagi sa dormitoryo bagama't nais ninyong ipagpatuloy ang pagsasanay bilang technical intern trainee	Kapag hiniling ngumi't hindi nagbigay ng kooperasyon ang namamahalang organisasyon, mangyaring kumonsulta kayo sa amin.

実習先の変更支援 (実習先変更支援サイト)	【実習先変更支援サイト】 https://www.support.otit.go.jp/jisshu/jp/ ※母国語相談や機構窓口でも相談を受け付けます。 ※実習先変更支援を受けることができる場合・やむを得ない事情(※)で技能実習を行うことが困難になった場合で、実習先を変更して技能実習を続けることを希望している場合 (※)例: 実習先の倒産・廃業や事業縮小があった場合など	監理団体に実習先の変更支援を求めても協力が得られない場合は機構に相談してください。
機構における宿泊支援 (一時宿泊先の提供)	監理団体又は実習実施者による不適正な行為、実習実施者の経営上・事業上の都合などやむを得ない事情により、技能実習を続けることを希望しているものの宿舍に宿泊することができない場合	監理団体に支援を求めても協力が得られない場合は、機構に相談してください。

11. Kapag pinababalik na kayo sa sariling bansa nang sapilitan

Ipinagbabawal ang pagpapabalik ng technical intern trainee sa sariling bansa na labag sa kanyang kalooban sa gitna ng nakatakdang panahon ng pagsasanay ng namamahalang organisasyon o tagapangasiwa ng pagsasanay. Kung hindi kayo sang-ayon sa pagpapauwi sa inyo at ito ay sapilitan, mangyaring kumonsulta sa aming tanggapan o magsumite ng deklarasyon ukol dito.

Gayundin, kapag nangyari ang sapilitang pagpapauwi sa kalagitnaan ng panahon ng pagsasanay (maliban ang kaso ng muling pagpasok sa bansang Hapon), sa inyong pag-alis, tatanungin kayo ng opisyal ng imigrasyon kung sapilitan o hindi ang inyong pag-uwi. Kung labag nga sa kalooban ninyo ang pag-uwi, magsabi sa opisyal sa sinabing pagkakataon.

12. Kung sakaling sa gitna ng panahon ng pagsasanay ay nag-asawa, nabuntis o nanganak,atbp.

Ipinagbabawal sa batas ang hindi makatarungang paghihigpit sa mga Technical intern trainees sa malayang pang-araw araw na pamumuhay ng mga ito, o kaya naman tratuhan sila ng hindi maayos, tanggalin sila sa trabaho at gawing rason ang pag-aasawa, pagbubuntis o panganganak. At kung sakaling nagbuntis o nanganak, sang-ayon sa batas, sila ay nararapat lamang na magbakasyon bago at pagkatapos na manganak. Kung sakali mang may hindi kasiya-siyang pagtrato o mayroong hindi malinaw na bagay ukol dito, kumonsulta sa tanggapan ng Kagawaran ng Paggawa sa Prefecture o Prefectural Labour Bureau. Maari kumonsulta din sa sariling wika o humingi ng tulong o magpasa ng report sa OTIT. (Tignan ang pahina 42, 46)

11. 帰国を強制されそうになった場合

監理団体や実習実施者の一方的な都合により、技能実習生が実習期間の途中で、その意に反して、帰国させられることは許されません。もし、皆さんが、意に反して帰国を強制されそうになった場合には、機構に相談や申告の申出を行ってください。

また、実習期間の途中で本国に帰国するようなケース（再入国の予定がある場合を除く。）においては、空港などでの出国手続において、入国審査官が、皆さんに対して、強制帰国ではないかどうか確認をとりますので、意に反して帰国させられそうになっている場合には、その旨を申し出てください。

12. 技能実習中に結婚・妊娠・出産などをした場合

技能実習生の私生活の自由を不当に制限することや結婚・妊娠・出産などを理由として、解雇など不利益な取扱いをすることは法律で禁止されています。また、妊娠・出産した場合は、法律に基づく産前産後の休業などの対象となります。不利益な取扱いを受けた場合や不明なことがある場合は、都道府県労働局へ相談してください。機構又は母国語相談に相談や申告の申出もできます(43、47ページ参照)。

Sistemang pangsuporta ng nagtatrabahong kababaihan at kalalakihan ukol sa panganganak at pangangalaga ng mga batang anak

- [Overtime, pagpasok sa araw ng holiday, paghihigpit sa pagtatrabaho sa hatinggabi]
Sa loob ng isang taon ng pagbubuntis o pagkapanganak ng isang babae, maaaring syang humiling na hindi mag-overtime, hindi pumasok sa araw ng holiday at hindi magtatrabaho sa hatinggabi. Kahit na sa sistemang hindi regular ang oras ng trabaho, maaari silang humiling na hindi magtatrabaho kapag lagpas sa isang araw o isang linggo ang legal na oras na dapat ipasok.
- [Paglipat sa madali at magaang na trabaho]
Sa panahon ng pagbubuntis, maaari syang humiling na mailipat sa madali at magaang na trabaho.
- [Maternity Leave bago manganak]
Maaaring humiling ng maternity leave 6 na linggo mula sa inaasahang petsa ng panganganak (14 na linggo naman para sa kambal na anak)
Ang araw ng panganganak ay kabilang sa maternity leave bago manganak.
- [Maternity Leave pagkapanganak]
Hindi maaaring magtatrabaho mula sa araw ng panganganak hanggang 8 linggo. Gayunpaman paglampas ng ika 6 na linggomatapos na manganak, maaaring humiling na pumasok sa trabaho kung may pahintulot na ang doktor.
- [Paghihigpit sa pagtanggap sa trabaho]
Ipinagbabawal ang pagtanggap sa trabaho sa panahon ng pahinga bago at matapos manganak (Maternity Leave) at pagtanggap ng walang 30 araw pagkatapos nito.
- [Oras ng pag-aalaga sa bata]
Kahit sa araw na may pasok sa trabaho, ang mga inang nag-aalaga sa batang wala pang 1 taon pagkapanganak, ay maaaring humiling na alagaan ang kanyang anak ng at least 30 minuto 2 beses sa 1 araw.
- [Pangangasiwa ng pangangatawan ng ina]
Maaaring humiling na hindi pumasok ang isang nagbubuntis na babae upang makapunta at magpatining sa doktor. Kapag ang isang nagbubuntis na babae ay tumanggap ng medikal na pagsusuri at patnubay mula sa doktor, maaari siyang humiling ng mga kinakailangang hakbang upang masiguro na masusunod niya ang bilin ng doktor.
Isang taon pagkatapos manganak, ang isang babae ay maaaring humiling na magkaroon siya ng oras para sa mga medikal na pagsusuri na kakailanganin ayon sa instruksyon ng doktor.
- [Pagbabakasyon dahil sa pag-aalaga ng bata]
Maaaring humingi ng pahintulot ng pahinga ang nagtatrabahong kalalakihan at kababaihan upang alagaan ang anak na wala pang isang taong gulang. Bukod pa rito, kung sa ilang kadahilanan tulad ng hindi pagtanggap ng bata sa day care center, maaaring humingi ng pahintulot ng pahinga ang kinaaukulan manggagawa hanggang umabot ang bata sa dalawang taong gulang.
- [Pagbabakasyon ng ama pagkapanganak ng ina (Pag-aalaga ng bata sa kapanganakan)]
Mula sa araw ng kapanganakan ng bata hanggang walong (8) linggo, maaaring humingi ng pahintulot ng pahinga ang nagtatrabahong kalalakihan at dalawang beses na may apat (4) na linggo ang baw't pagkakataon.
- [Sistema ukol sa Pinaikling Panahon ng Pagtatrabaho]
Kapag natugunan ang ilang partikular na kondisyon, maaaring humingi ng pahintulot ang manggagawang lalake at babae na magtatrabaho ng mas maikling panahon (bilang patakaran, anim (6) na oras sa baw't araw) alang-alang sa pagpapalaki ng kanilang anak na kulang sa tatlong taong gulang.
- [Mga Paghihigpit (eksempsyon) sa pagtatrabaho ng overtime]
Kapag natugunan ang ilang partikular na kondisyon, maaaring humingi ng pahintulot ang manggagawang lalake o babae na hindi mabigyan ng trabahong overtime, alang-alang sa pagpapalaki ng kanilang anak na kulang sa tatlong taong gulang. Mula Abril 2025, palalawakin ang saklaw ng mga batang karapat-dapat na makapasok sa mababang paaralan.
- [Pagbabakasyon para sa pangangalaga ng bata]
Alang-alang sa pagpapalaki ng kanilang anak na hindi pa pumapasok sa elementary school, sa pamamagitan ng aplikasyon sa kumpanya, ang mga manggagawang lalaki at babae ay may karapatang magpahinga ng limang (5) araw baw't taon, at kung ang bilang ng mga anak ay higit sa dalawa, magiging sampung (10) araw ang kahabaan. Ang sinabing karapatan ay maliban sa kanilang taunang bayad na bakasyon, at magagamit nila ito sa panahong may sakit ang mga bata, o para sa pagbabakuna o pagsusuring pangkalusugan nila. Gayundin, ang benepisyon ito ay maaaring gamitin sa pagbibilang ng araw o ng oras.
Mula Abril 2025, makakapagbakasyon na din kapag may pagsasara ng klase gawa ng mga nakakahawang sakit, at para din sa pagdaos ng seremonya ng pagbubukas at pagsasara ng klase, at palalawakin ang saklaw ng mga batang makakapasok hanggang ikatlong baitang sa mababang paaralan. Ang pahintulot para sa ganitong bakasyon ay tatawaging "Child Care Leave".
- [Mga limitasyon hingil sa pagtatrabaho ng overtime at sa gabi]
Alang-alang sa pagpapalaki ng kanilang anak na hindi pa pumapasok sa elementary school, maaaring humiling ang mga manggagawang lalake at babae ng pahintulot na malibre sa pagtatrabaho ng overtime o hanggang hating gabi.

働く女性・男性のための出産・育児に関する制度

- 【時間外労働、休日労働、深夜業の制限】
妊娠中及び出産後1年以内の女性は、時間外労働、休日労働、深夜業の免除を請求できます。変形労働時間制が取られる場合にも、1日及び1週間の法定労働時間を超えて労働しないことを請求できます。
- 【軽易業務転換】
妊娠中は、他の軽易な業務への転換を請求できます。
- 【産前休業】
出産予定日の6週間前(双子以上の場合は14週間前)から、請求すれば取得できます。出産当日は産前休業に含まれます。
- 【産後休業】
出産日の翌日から8週間は、就業することができません。ただし、産後6週間を経過後に、本人が請求し、医師が支障がないと認めた業務には就業できます。
- 【解雇制限】
産前・産後休業の期間及びその後30日間の解雇は禁止されています。
- 【育児時間】
生後1年に達しない子を育てる女性は、1日2回各々少なくとも30分間の育児時間を請求できます。
- 【母性健康管理】
妊婦健診を受けるための時間を確保することを請求できます。
妊婦健診を受け、医師等から指導を受けた場合は、指導事項を守ることができるようにするための必要な措置を申し・請求できます。
出産後1年以内の女性は、医師等から指示があったときは、健康診査等に必要時間の確保を申し出ることができます。
- 【育児休業】
1歳未満の子を養育するために、男女労働者は、休業を申し出ることができます。また、保育所に入所できない等の理由がある場合は、最大2歳まで取得できます。
- 【産後パパ育休(出生時育児休業)】
子の出生から8週間までに、4週間で2回に分けて休業を申し出ることができます。
- 【短時間勤務制度】
一定の条件を満たす場合、3歳未満の子を育てるために、男女労働者は、短時間勤務を(1日原則として6時間)請求できます。
- 【所定外労働の制限(残業免除)】
一定の条件を満たす場合、3歳未満の子を育てるために、男女労働者は、所定外労働の制限を請求できます。令和7年(2025年)4月からは、対象となる子の範囲が小学校入学前までに拡大されます。
- 【子の看護休暇】
小学校入学前の子を養育するために、男女労働者は、会社に申し出ることによって、年次有給休暇とは別に、1年につき5日間、子どもが2人以上なら10日間、病気やけがをした子どもの看護、予防接種及び健康診断のために休暇を取得することができます。また、取得単位は1日又は時間単位です。
令和7年(2025年)4月からは、感染症に伴う学級閉鎖や入園(入学)式及び卒園式の場合同様取得可能となり、対象となる子の範囲が小学校3年生まで拡大されます。また、名称も「子の看護等休暇」になります。
- 【時間外労働、深夜業の制限】
小学校入学前の子を養育するために、男女労働者は、時間外労働時間、深夜業の制限を請求することができます。

Kapag sinabihan kayo na ikakansela ang inyong kontrata sa pagsasanay at pauwiin sa dahilan ng pagbubuntis, kumonsulta muna sa aming tanggapan at magsumite ng deklarasyon ukol dito.

Bilang prinsipyo, pagkatapos ng panganganak, bagama't hindi makakapagtrabaho ang technical intern trainee nang walong (8) linggo, maaaring ipagpatuloy niya ang pagsasanay pagkaraan ng sinabing panahon. Maaari din namang umuwi ang trainee sa sariling bansa para doon manganak, at ipagpatuloy ang pagsasanay sa kanyang pagbabalik sa bansang Hapon. Kailangan lamang sundin ng trainee ang patakaran at ipaalam ang kanyang nais na ipagpatuloy ang pagsasanay sa nangangasiwang organisasyon o tagapagpatupad nito.

Kapag nalaman ninyo na kayo ay buntis, mangyaring magsumite kaagad ng notipikasyon ng pagbubuntis sa lokal na tanggapan ng lungsod, ward, bayan o nayon ng inyong tirahan. Ang mga mahalagang dokumento na dapat isumite kasama ng notipikasyon ng pagbubuntis ay siyang magkukumpirma ng pagkakalinlan (tulad ng residence card, My Number card at iba pa. Maaaring magkakaiba ang kinakailangang dokumento kung kaya magsadya sa lokal na tanggapan ng lungsod, ward, bayan o nayon o bisitahin ang home page ng lungsod, ward, bayan o nayon ng inyong tirahan.

Tatanggap kayo ng isang handbook ukol sa pangkalusugan ng ina at bata mula sa pamahalaan ng lungsod, bayan o nayon kapag nagsumite ng notipikasyon ng pagbubuntis. Ang handbook ukol sa pangkalusugan ng ina at bata ay isang paraan upang maitala ng mga ina ang kondisyon ng kanilang kalusugan mula sa pagbubuntis hanggang sa kanilang panganganak, gayundin ang kalagayan ng mga sanggol mula pagsilang hanggang sa pagiging bata nito, at magsisilbing gabay din para sa mga magulang sa pagpapalaki ng mga sanggol at maliit na bata. Mangyaring sadyain ang home page ng inyong lungsod, ward, bayan o nayon upang malaman kung saan makakakuha ng handbook ukol sa pangkalusugan ng ina at anak. Ayon sa kanilang patakaran, maaaring magbigay ang lungsod, ward, bayan o nayon ng handbook ukol sa pangkalusugan ng ina at anak sa banyagang wika. Sa pagkakataon ng pagkuha ng handbook ukol sa pangkalusugan ng ina at bata, maaaring makatanggap din ng voucher para sa pampublikong subsidized prenatal checkup, at konsultasyon din mula sa mga pampublikong nars sa kalusugan, pati na rin ang mga rekomendasyon hingil sa mga klase na maaaring pasukan ng mga ina at magulang upang maturuan ng iba-ibang uri ng impormasyon. Gayundin, simula sa taong pananalapi 2025, magbibigay ang gobyerno ng bansang Hapon ng pinansyal na pantulong hingil sa panganganak at pagpapalaki ng bata ng may halagang isang daang libong yen. Ibibigay ito ng dalawang beses na may halagang limang pung libong yen bawat isa. Nalapat din ito sa kasong pagkalaglag o kapanganakan ng patay.

Sa <https://mchbook.cfa.go.jp/>, matatagpuan ang handbook ukol sa pangkalusugan ng ina at bata sa iba't ibang wika (10 wika), at maliban dito, mayroon ding leaflet na nagpapaliwanag ng proseso ng pagbubuntis at pagpapalaki ng bata sa bansang Hapon, kasama ang mga mahalagang bagay o puntong dapat bigyan ng pansin.

Kinakailangang magsumite ng notipikasyon sa lungsod, ward, bayan o nayon na kung saan ipinanganak ang bata, o sa lungsod, ward, bayan o nayon ng tirahan ng taong naghatid ng notipikasyon sa loob ng labing apat na araw ng kapanganakan ng bata. Mahalaga ang sertipiko ng kapanganakan na inisyu ng doktor o iba pang propesyonal sa pagsumite ng notipikasyon ng kapanganakan.

Bilang karagdagan, kapag ang ama at ina ay parehong dayuhan, hindi maaaring makakuha ng nasyonalidad ng bansang Hapon ang bata bagama't ipinanganak ito sa bansang Hapon. Sa sumusunod na mga kaso, mangyaring isagawa ang kinakailangang proseso at notipikasyon hingil sa kapanganakan ng inyong anak sa bansang Hapon. Mangyaring makipag-ugnay sa embahada o pangkahalatang konsulado ng bansa ng nasyonalidad ng ama o ng ina tungkol sa detalyadong pamamaraan.

Gayundin, kinakailangan mong kumuha ng residence status kung nais mong manatili sa bansang Hapon nang higit sa anim na pung araw pagkatapos ng kapanganakan. Mangyaring kumonsulta sa pinakamalapit na tanggapan ng Regional Immigration Bureau tungkol sa iba't ibang aplikasyon hingil sa pagtamo ng residence status kabilang ang kaso ng pansamantalang pagtigil ng inyong teknikal na pagsasanay dahil sa pagbubuntis o panganganak.

妊娠したことを理由に解雇されそうになったり帰国するよう言われたりしたら、まずは、機構又は母国語相談に相談や申告の申出を行ってください。

出産後、原則8週間は仕事をすることができませんが、その後技能実習を再開することができます。また、技能実習を中断し、帰国して出産した場合も、再度入国して技能実習を再開することができます。技能実習の再開は、機構などで手続きが必要です。技能実習の再開や再開時期の希望を監理団体・実習実施者に伝えてください。

妊娠が分かった際は、お住まいの市区町村の窓口で、速やかに「妊娠の届出」を行ってください。届出に際して必要な書類としては、妊娠届出書のほか、本人確認書類(在留カード等)や個人番号確認書類(マイナンバーカード等)が代表的ですが、市区町村によって異なっているため、事前に市区町村のホームページ等で確認しておくことが必要です。

妊娠の届出を行うと、市区町村から母子健康手帳が交付されます。母子健康手帳は、母親の妊娠期から産後まで、子どもの新生児期から乳幼児期までの健康状態を一貫して記録することができるとともに、乳幼児の保護者に対する育児に関する指導書であるともいえます。交付窓口は、市区町村のホームページ等で確認することができるほか、市区町村によっては、外国語の母子健康手帳を交付している場合もあります。さらに、窓口では、母子健康手帳の交付とともに、妊婦健診を公費の補助で受けられる受診券や、保健師等による相談、母親学級・両親学級の紹介、各種の情報提供などを受けることができます。また、出産・子育て応援給付金(10万円相当。令和7年度以降は、妊婦のための支援給付となり、5万円ずつ2回に分けて支給されます。流産・死産の場合も対象となります。)を受け取ることもできます。

母子健康手帳情報支援サイト(<https://mchbook.cfa.go.jp/>)では、母子健康手帳を多言語化(10か国語)しているほか、日本における妊娠から子育てまでの一覧の流れの説明や注意すべき点等のポイントをまとめたリーフレット等を掲載しています。

子どもが生まれた際は、出生後14日以内に子どもが生まれた市区町村、子どもの本籍地の市区町村又は届出人が居住する市区町村のいずれかに出生届を提出しなければなりません。出生届の提出には、医師等が発行する出生証明書が必要となります。

なお、父も母も外国の国籍である場合、その子どもが日本で生まれたとしても、日本国籍を取得することはできません。このような場合、子どもが生まれたことについて本国へ届け出る手続きをしてください。詳しい手続については、父又は母の国籍国の駐日大使館・(総)領事館に問い合わせてください。

また、出生から60日間を超えて日本に在留しようとする場合、在留資格を取得する必要があります。妊娠・出産に伴い技能実習を一時中断する場合を含め、在留資格取得申請については、最寄りの地方出入国在留管理局において御相談ください。

13. Pagkokonsulta sa Organization for Technical Intern Training [Serbisyo ng pagpapayo sa sariling wika]

Sa Organization for Technical Intern Training, ipinagkakaloob ang sumusunod na konsultasyon sa iba't-ibang wika (sumangguni sa talaan ng serbisyo ng pagpapayo), kaya huwag mag-atubiling gamitin ang serbisyong ito.

Libre ang pagtawag. Maaaring tumawag sa malapit na pampublikong telepono gamit ang isang 10 yen-coin. Babalik ang pera pagkatapos ng pagtawag.

[Paghahanap ng lokasyon ng pampublikong telepono]

Silangang Hapon: <https://publictelephone.ntt-east.co.jp/ptd/map/>

Kanlurang Hapon: <https://www.ntt-west.co.jp/ptd/map/>

- Kapag may mga hindi inaasahang pangyayari sa kabila ng pangangasiwa ng pagsasanay, nagbibigay kami ng tulong upang mabago ang lugar ng technical training.
- Mangyari lamang na makipag-ugnayan sa aming tanggapan kung kailangan ninyo ng tulong sa anumang isyu, tulad halimbawa kung ayaw kayong bigyan ng tirahan ng namamahalang organisasyon.
- Ang aming tanggapan ay tumatanggap rin ng mga salaysay at konsultasyon tungkol sa mga paglabagsa Technical Intern Training Act ng mga namamahalang organisasyon at ng tagapangasiwa ng pagsasanay.
- Bilang patakaran, obligasyon ng nangangasiwang organisasyon na bayaran ang buong halaga ng gastusin ukol sa inyong pagbabalik sa sariling bansa pagkatapos ng pagsasanay. Kung sakaling hindi bayaran ang sinabing gastusin o pagbayarin kayo ng bahagi nito ng nangangasiwang organisasyon, mangyaring kumonsulta sa amin.

[Halimbawa ng konsultasyon]

- Kapag kinolektahan kayo ng deposito o hiningan ng pera ng nagpapadalang organisasyon para sa pagparito sa bansang Hapon o maseguro ang pagkakaroon ng kontrata tungkol sa pagsasanay o papirmahin ng kontrata na nagpapataw ng penalty kapag may paglabag sa kontrata nang walang sapat na paliwanag, o kung mayroong naranasan na hindi kanais-nais na pag-uugali bago pumarito sa bansang Hapon
 - Kapag mapapauwi ka nang hindi natatapos ang training kahit na gusto mo pa ito ipagpatuloy.
 - Kapag may problemang dinaranas sa lugar ng tirahan o sa pang-araw-araw ng pagkain
 - Kapag nababahalang o nababalisa sa trabaho at sa araw-araw na pamumuhay
 - Kapag kailangan ng payo tungkol sa relihiyon, pagkain, kaugalian, o paraan ng pag-iisip
 - Kapag may mga katanungan tungkol sa mga kondisyon sa trabaho, tulad halimbawa ng suweldo o overtime work
 - Kapag mayroong hindi nauunawaan sa mga tagubilin sa kinabibilangang pagsasanay o nagkaproblema nang dahil sa ibang pamumuhay o paraan ng pag-iisip
 - Kapag sa inyong palagay ay nagkaroon ng paglabag sa Technical Intern Training Act
- Halimbawa
- Kapag kinuha ang inyong pasaporte, residence card, o libreta sa bangko
 - Kapag kayo ay hindi pinapalabas nang walang sapat na dahilan
 - Kapag pinaghihiigpit ang inyong pribadong buhay nang walang sapat na dahilan (pagbabawal ng paggamit ng mobile phone)
 - Kapag iba ang nilalaman ng pagsasanay sa napagkasunduan
 - Kapag kayo ay pinipilit na magsanay sa pamamagitan ng pagbabanta o pananakit
 - Kapag tumanggap kayo ng pambubully o power harassment at iba pang uri ng paglabag ng karapatang pantao
 - Kapag sapilitang pinauwi sa inyong sariling bansa
- Kapag hindi na magpapatuloy ang pagsasanay dahil sa problema ng tagapangasiwa ng pagsasanay ngunit ayaw kayong tulungan ng namamahalang organisasyon na maghanap ng bagong lugar ng pagsasanay
 - Kapag nasa ikatlong antas na ng pagsasanay at nais lumipat sa ibang lugar ng pagsasanay ngunit ayaw kayong tulungan ng namamahalang organisasyon na maghanap ng bagong lugar ng pagsasanay
 - Kapag mayroong hindi nauunawaan sa Technical Intern Training System
 - Kapag may mga katanungan tungkol sa mga batas sa Japan at sa iba't-ibang sistema dito



13. 外国人技能実習機構における相談【母国語相談】

機構では、技能実習生の皆さんから、次のような相談（相談例参照）を母国語で受け付けていますので、是非御活用ください。

通話料は無料です。近くの公衆電話から10円玉でかけられます。通話が終わればお金は戻ってきます。

【公衆電話設置場所検索】

東日本 <https://publictelephone.ntt-east.co.jp/ptd/map/>

西日本 <https://www.ntt-west.co.jp/ptd/map/>

○実習先の経営上の都合等によりやむを得ない事情で実習先の変更が必要などの支援を行っています。

○監理団体等が宿舍の提供を拒む場合など支援を受けたい場合も御相談ください。

○監理団体や実習実施者の技能実習法違反についての申告や相談も受け付けています。

○技能実習終了後の帰国旅費については、原則、監理団体が全額支払う必要があります。もし、帰国旅費を払ってもらえなかったり、その一部負担を求められたりした場合には相談してください。

【相談例】

- ・ 入国前に、送出国等から、十分な説明がないまま来日費用を徴収されたり、保証金を徴収されたり、違約金契約を結ばれたりするなど、不適切な行為があったと感じたとき
 - ・ 実習が修了してなくて、実習を続けたいのに帰国させられそうになったとき
 - ・ 住む場所や毎日の食事に困っているとき
 - ・ 仕事上や日常生活で悩みや不安を感じたとき
 - ・ 宗教、食事、習慣、考え方に関するアドバイスがほしいとき
 - ・ 賃金や時間外労働等の労働条件等で疑問をもったとき
 - ・ 技能実習の現場で指示が理解できなかったり、生活習慣や考え方の違いからトラブルになったりしたとき
 - ・ 実習先で技能実習法令に違反があると感じたとき
- 例えば、
- ・ 旅券や在留カード、通帳を取り上げられているとき
 - ・ 外出を不当に制限されているとき
 - ・ 私生活の自由を不当に制限されているとき（携帯電話の所持が禁止されているなど）
 - ・ 技能実習の内容が説明を受けていたものと違うとき
 - ・ 暴行や脅迫等の手段で技能実習を強制されているとき
 - ・ いじめやパワハラなど、人権侵害行為を受けているとき
 - ・ 意に反して帰国させられそうなとき
 - ・ 実習先の経営上の都合などで実習を続けられなくなったが、監理団体が新たな実習先を探すことに協力してくれないとき
 - ・ 技能実習3号に移行する際に、実習先の変更を希望しているが、監理団体が新たな実習先を探すことに協力してくれないとき
 - ・ 技能実習制度に関して分からないことがあるとき
 - ・ 日本の法律、各種制度に関して相談先が分からないとき



Pangalan ng tanggapan (pamaraan)	Impormasyon para sa pakikipag-ugnayan, wikang ginagamit	Oras (Kada linggo)	Mga pahayag
Ang Hotline sa pagkonsulta sa sariling wika (Telepono)	Telepono: 0120-250-168 Ginagamit na wika: Vietnamese	Mula Lunes hanggang Biyernes Mula 11:00 ng umaga hanggang 7 ng gabi Sabado Mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon	Mangyaring mag-iwan ng mensahe at numero ng inyong telepono kapag tumatawag sa panahong wala nang taong sasagot ng inyong tawag.
	Telepono: 0120-250-169 Ginagamit na wika: Intsik	Lunes, Miyerkules, Biyernes Mula 11:00 ng umaga hanggang 7 ng gabi	
	Telepono: 0120-250-197 Ginagamit na wika: Pilipino	Martes Mula 11:00 ng umaga hanggang 7 ng gabi Sabado Mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon	
	Telepono: 0120-250-147 Ginagamit na wika: Ingles	Martes Mula 11:00 ng umaga hanggang 7 ng gabi Sabado Mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon	
	Telepono: 0120-250-192 Ginagamit na wika: Indonesian	Martes, Huwebes Mula 11:00 ng umaga hanggang 7 ng gabi Sabado Mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon	
	Telepono: 0120-250-198 Ginagamit na wika: Thai	Huwebes Mula 11:00 ng umaga hanggang 7 ng gabi Linggo Mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon	
Ang Hotline sa pagkonsulta sa sariling wika (Telepono)	Telepono: 0120 250 366 Ginagamit na wika: Salitang Kambodya	Tuwing Huwebes Mula 11:00 ng umaga hanggang 7 ng gabi	Mangyaring mag-iwan ng mensahe at numero ng inyong telepono kapag tumatawag sa panahong wala nang taong sasagot ng inyong tawag.
	Telepono: 0120 250 302 Ginagamit na wika: Salitang Myanmar	Tuwing Martes Mula 11:00 ng umaga hanggang 7 ng gabi	
Serbisyo ng pagpapayo sa sariling wika (E-mail)	Ginagamit na wika: Vietnamese Intsik Pilipino Ingles Indonesian Thai Salitang Kambodya Salitang Myanmar	Kahit kailan	- Asahan ang sagot sa susunod na araw - Maaring magtagal depende sa nilalaman.
Konsultasyon sa sariling wika (Zoom)	Mga Suportadong Wika: Vietnamese Intsik Pilipino Ingles Indonesian Thai Khmer (wikang Kambodya) Burmese (wikang Myanmar)	Pag-ayos ng petsa at oras ng konsultasyon sa pamamagitan ng email (Mga araw na maaaring kumonsulta sa sariling wika sa pamamagitan ng telepono)	Ang konsultasyon ay gaganapin na walang gamit na web camera at sa pamamagitan ng audio lamang.
Serbisyo ng pagpapayo sa sariling wika (Liham)	Support Division Guidance and Support Department Organization for Technical Intern Training 3F LOOP-X Bldg. 3-9-15 Kaigan, Minato-ku, Tokyo108-0022	Kahit kailan (Pagtanggap ng aplikasyon sa pamamagitan ng koreo lamang)	- Asahan ang sagot sa susunod na araw - Maaring magtagal depende sa nilalaman.
Tanggapan ng Organisasyon (Panayam, Telepono)	Lokal na tanggapan, sangay ng opisina (sa patnubay at pangsuporta) (Sumangguni sa pahina bilang 108) Ginagamit na wika: Hapon (mangangailangan ng tagapagsalin sa sariling wika)	Kada linggo Mula Lunes hanggang Biyernes Mula 9:00 ng umaga hanggang 5 ng gabi	Maari kayong humiling para sa serbisyo ng tagapagsalin (mangangailangan ng panahon upang maisaayos ang kahilingan. Kung maari, makipag-ugnayan muna sa aming tanggapan bago pa man kayo pumunta)

窓口名 (方法)	連絡先・対応言語	受付時間 (毎週)	備考
母国語相談 ホットライン (電話)	電話:0120-250-168 対応言語: ベトナム語	月曜日～金曜日 午前11:00～午後7:00 土曜日 午前 9:00～午後5:00	受付時間外は留守番電話につながりますので用件と連絡先を残して下さい。
	電話:0120-250-169 対応言語: 中国語	月曜日・水曜日・金曜日 午前11:00～午後7:00	
	電話:0120-250-197 対応言語: フィリピン語	火曜日・木曜日 午前11:00～午後7:00 土曜日 午前 9:00～午後5:00	
	電話:0120-250-147 対応言語: 英語	火曜日・木曜日 午前11:00～午後7:00 土曜日 午前 9:00～午後5:00	
	電話:0120-250-192 対応言語: インドネシア語	火曜日・木曜日 午前11:00～午後7:00 土曜日 午前 9:00～午後5:00	
	電話:0120-250-198 対応言語: タイ語	木曜日 午前11:00～午後7:00 日曜日 午前 9:00～午後5:00	
	電話: 0120-250-366 対応言語: カンボジア語	毎週木曜日 午前11:00～午後7:00	
	電話: 0120-250-302 対応言語: ミャンマー語	毎週火曜日 午前11:00～午後7:00	
母国語相談 (メール)	対応言語: ベトナム語 中国語 フィリピン語 英語 インドネシア語 タイ語 カンボジア語 ミャンマー語	いつでも	・回答は翌日以降 ・内容により時間をいただく場合があります。
母国語相談 (Zoom)	対応言語: ベトナム語 中国語 フィリピン語 英語 インドネシア語 タイ語 カンボジア語 ミャンマー語	メールで相談日時を調整 (母国語相談(電話)の対応日のいずれか)	・ウェブカメラをオフにした状態で音声通話のみで実施します。
母国語相談 (手紙)	〒108-0022 東京都港区海岸3-9-15 LOOP-X 3階 外国人技能実習機構 指導援助部 援助課	いつでも (郵送受付のみ)	・回答は翌日以降 ・内容により時間をいただく場合があります。
機構窓口 (面談・電話)	地方事務所・支所の援助課又は指導課(援助担当) (109ページ参照) 対応言語: 日本語(必要に応じて母国語の通訳人)	毎週 月曜日～金曜日 午前9:00～午後5:00	通訳人の手配を希望することもできます(手配にはお時間をいただきます。可能であれば、来所前に御連絡いただけるとスムーズです。)

- * 1. Ang serbisyo ng konsultasyon sa banyagang wika ay hindi magagamit sa araw ng bakasyon, katapusan ng taon at Bagong Taon (Mula Disyembre 29 hanggang Enero 3).
2. Mangyari lamang na sumangguni sa sumusunod na website ng organisasyon para sa pinakabagong talaan ng mga wikang maaring gamitin at mga araw na maari itong gamitin.

[Website ng organisasyon at site para sa konsultasyon sa banyagang wika]
<https://www.support.otit.go.jp/soudan/phi/>

3. Technical Intern Training SOS ・ Eksklusibong lugar ng konsultasyon pang-emerhensiya
 Nag-aalala ba kayo na mabugbog, pauwiin nang sapilitan, o nakatanggap ng seksuwal na agresibong pagkilos o pananakot mula sa may-ari ng isang negosyo? Ang Organization of Technical Internal Training (OTIT) ay tinatag para magbigay ng suporta sa mga technical intern trainee sa kanilang sariling wika. Kapag may problema o anumang alalahanin, huwag mag-atubiling kumonsulta sa aming organisasyon para matulungan namin kayo sa lalong madaling panahon.
 Libre ang pagtawag.
 Pagkadiang ng numero ng teleponong nakasulat sa taas at nadinig ang awtomatikong boses, pindutin ang “1” para makonekta sa eksklusibong tagapagpayo.
4. Mayroong consultation desk ang OTIT na nagbibigay ng patnubay ayon sa bagay na nais ikonsulta.

14. Tungkol sa mga “ulat o sumbong” na maari ninyong gawin

Kapag may natagpuan na aksyon o pangyayari ang technical intern trainee na labag sa anumang probisyon ng Technical Intern Training Act at iba pang batas, maaaring magsumite siya ng ulat tungkol dito batay sa alinman sa dalawang parang: (1) ulat batay sa Technical Intern Training Act; (2) ulat batay sa Labor Standards Act, at iba pa.

- (1) Pag-uulat o paghahain ng reklamo batay sa Technical Intern Training Act

- 1 Kung mayroong isang katunayan na ang practitioner o pangangasiwa ng samahan o ang mga opisyal na ito o mga empleyado (tinukoy bilang “tagapangasiwa ng pagsasanay” sa susunod na talata) ay lumalabag sa mga probisyon ng Batas na ito o mga utos batay sa batas na ito, Maari itong iulat ng mga Technical Intern Trainees sa Secretary of immigration at Ministry of Health, Labor and Welfare.
- 2 Ang nagsasagawang organisasyon, at iba pa, ay hindi maaring magsuspinde o gumawa ng anumang diskriminasyon laban sa technical intern trainee nang dahil sa anumang pag-uulat o paghahain ng reklamo na tinutukoy sa naunang talata.

(Artikulo 49 ng Technical Intern Training Act)

Batay sa Technical Intern Training Act, ang mga technical intern trainee ay maaaring magsumite ng personal na deklarasyon tungkol sa mga ilegal na gawain ng organisasyong nagpapatupad o nangangasiwa at iba pa, sa tanggapan ng Komisyoner ng Imigrasyon at ng Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan. Maaari ding magsumite ng sinabing deklarasyon sa pamamagitan ng isang kinatawan na binigyan ng ganap na kapangyarihan bilang kinatawan.

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng paglabag sa Technical Intern Training Act.

Halimbawa ng Paglabag

- Pamimilit sa isang technical intern trainee na magsanay sa pamamagitan ng pagbabanta, o pananakot.
- Ang nilalaman Technical intern training ay naiiba sa Kontrata (Labor Contract)
- Pagkuha sa pasaporte at card ng technical intern trainee.
- Pagbabawal na lumabas nang walang sapat na dahilan.
- Pagpapatay ng hindi makatarungang limitasyon sa kalayaan sa pribadong buhay.



- ※1 上記曜日が、祝日及び年末年始(12月29日～1月3日)である場合、母国語相談はお休みです。
- 2 最新の対応言語と曜日については、下記の機構ホームページで確認をしてください。

【機構ホームページ 母国語相談サイト】
<https://www.support.otit.go.jp/soudan/en/>

- 3 技能実習SOS・緊急相談専用窓口

「殴られている」「強制的に帰国させられる」「事業主からセクハラを受けている」など、悩んだり、困っていませんか? 外国人技能実習機構 (OTIT) では、そのような技能実習生の皆さんを母国語でサポートします。悩みや困りごとを迅速に解決するために、ためらわずに相談してください。

通話料は無料です。

上記電話番号にダイヤル後、自動音声アナウンスのあと「1 番」をプッシュしてください。専用の窓口に繋がります。

- 4 相談の内容に応じて、関係機関の窓口を御案内することがあります。

14. あなたがすることができる「申告」について

技能実習生は、技能実習法等に違反する行為に遭遇した際に、(1) 技能実習法に基づく申告、(2) 労働基準法等に基づく申告の2種類の方法により、関係機関に対して申告することができます。

- (1) 技能実習法に基づく申告

- 1 実習実施者若しくは監理団体又はこれらの役員若しくは職員 (次項において「実習実施者等」という。) がこの法律又はこれに基づく命令の規定に違反する事実がある場合には、技能実習生は、その事実を出入国在留管理庁長官及び厚生労働大臣に申告することができます。
- 2 実習実施者等は、前項の申告をしたことを理由として、技能実習生に対して技能実習の中止その他不利益な取り扱いをしてはならない。

(技能実習法第 49 条)

技能実習生は、技能実習法に基づき、自ら実習実施者、監理団体等の不法行為を出入国在留管理庁長官及び厚生労働大臣に対して申告することができます。また、申告は委任状を提出した代理人を通じて行うこともできます。

技能実習法令に違反する行為の例としては次のようなものがあります。

違反例

- ・ 暴行や脅迫等の手段で技能実習を強制されている
- ・ 技能実習の内容が労働契約と相違している
- ・ 旅券や在留カードを保管するといって取り上げられている
- ・ 外出を不当に制限されている
- ・ 私生活の自由を不当に制限されている



Kung magsasagawa ng Deklarasyon tungkol sa paglabag sa Technical Intern Training Act sa sariling wika, maaari kayong magtungo sa tanggapan ng aming organisasyon o sa Regional Office nito na nagpapatupad nito sa iba't ibang wika, kasama ang wikang Pilipino. (Sumangguni sa pahina bilang 42 para sa aming telepono at email). Bilang karagdagan, maaari kang magkaroon ng pagaalala na magkakaroan ka ng disadvantage dahil sa pag report, Ipinagbabawal sa batas ang maling pagtrato sa Technical Intern Trainee. Mayroon ding mga parusa para sa paglabag dito, kaya't huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin. Kahit hindi kayo pormal na maghain ng reklamo, ito ay ituturing naming pagbibigay ng impormasyon tungkol sa paglabag sa batas.

[Site ng organisasyon para sa serbisyo ng pagpapayo sa sariling wika]
<https://www.support.otit.go.jp/soudan/phi/>

(2) Ang report ay batay sa labor standards act

- 1 Sakaling magkaroon ng paglabag sa mga kautusan o batay sa mga kautusan na nakasaad sa Act na ito sa lugar ng trabaho, ang isang manggagawa ay maaring mag-ulat o maghain ng reklamo sa naaangkop na ahensya ng pamahalaan o kawani ng Labour Standards Inspection Office.

2 Ang employer ay hindi maaring magsuspinde o gumawa ng anumang diskriminasyon laban sa manggagawa nang dahil sa anumang pag-uulat o paghahain ng reklamo na tinutukoy sa naunang talata.
- (Artikulo 104 ng Labour Standards Act)

Dahil ang technical intern trainee ay nasasaklaw ng Labour Standards Act, kayo ay maaring mag-ulat o maghain ng reklamo batay dito. Kung kayo ay makaranas ng alinman sa mga sumusunod bilang isang technical intern trainee, maari kayong mag-ulat o maghain ng reklamo sa opisina ng Labour Standards.

Halimbawa ng Notipikasyon

- Ang sahod na nakasaad sa kontrata ng pagtatrabaho at sa kasulatan ng mga kondisyon hingil sa pagtatrabaho ay hindi binabayaran.
- Walang natanggap na bayad para sa overtime work.
- Bagamat gumawa ng overtime work, kayo ay inutusan na tatakan ang time card upang palabasin na hindi kayo nagtrabaho ng higit sa itinakdang oras.
- Hindi kayo binibigyan ng oras para magpahinga.
- Wala kayong taunang bakasyon na may bayad.

Higit pa rito, kung kayo ay natatakot na mag-ulat o maghain ng reklamo nang dahil sa takot na makaranas ng diskriminasyon, huwag mag-alala, dahil ito ay mahigpit na ipinagbabawal alinsunod sa Labour Standards Act kaya't huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa aming tanggapan.

[Homepage ng Ministry of Health, Labour, and Welfare]
https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/koyou_roudou/roudoukijun/kijyungaiyou/kijyungaiyou06.html

技能実習法令違反についての申告を母国語で行おうとする場合、機構の地方事務所又は機構本部が実施する母国語相談窓口(電話、メール(43ページ参照))を通じて行うことができます。また、申告したことを理由に、自分が不利益を被るのではないかと心配になるかもしれませんが、法律では技能実習生が申告したことで不利益な取扱いをすることを禁止していますし、これに違反した場合の罰則も規定されていますので、ためらうことなく連絡してください。なお、申告として受付できない場合でも、法令違反に関する情報提供として扱います。

【機構ホームページ 母国語相談サイト】
<https://www.support.otit.go.jp/soudan/en/>

(2) 労働基準法等に基づく申告

- 1 事業場に、この法律又はこの法律に基いて発する命令に違反する事実がある場合においては、労働者は、その事実を行政官庁又は労働基準監督官に申告することができる。

2 使用者は、前項の申告をしたことを理由として、労働者に対して解雇その他不利益な取扱いをしてはならない。
- (労働基準法第 104 条)

技能実習生には労働基準法等も適用されますので、労働基準法等に規定されている申告をすることもできます。あなたが従事している技能実習において、以下のようなことがある場合は、労働基準監督署に申告することができます。

申告事例

- ・雇用契約書及び雇用条件書で示されている賃金が支払われていない
- ・残業したにもかかわらず、残業代を支払ってもらえない
- ・実際に残業しているにもかかわらず、残業がないようにタイムカードを打刻するよう指示されている
- ・休憩時間がない
- ・年次有給休暇を取らせてもらえない


また、労働基準法の申告も、技能実習法の申告と同様に申告したことで不利益な取扱いをすることは禁止されていますので、ためらうことなく申告してください。

【厚生労働省 ホームページ】
https://www.mhlw.go.jp/stf/seisakunitsuite/bunya/koyou_roudou/roudoukijun/kijyungaiyou/kijyungaiyou06.html

15. Mga batas na may kaugnayan sa trabaho

Ang Technical Intern Trainee ay ligal na pinoprotektahan sa ilalim ng Labor standard acts ng Japan sa ilalim ng Labor relations at tagapangasiwa ng pagsasanay.

[Komentaryo] kaugnay sa labor contract



(1) Labor contract

A Ang konklusyon na kaugnay sa labor contract.

- Kung ipapatupad ang isang labor contract, obligasyon ng kumpanya na malinaw na ipaalam ang mga kondisyon sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng pagdokumento (kung nais ng manggagawa na gawin ito, maaari rin itong gawin sa pamamagitan ng fax, e-mail, SNS, atbp.) nang sa ganun, magagawa at ma-iisyu ang kasulatan ukol sa mga kondisyon sa pag-employo.
- Ang sumusunod na mga bagay ay nakasulat sa loob ng nabanggit na pahayag.
 - i. Termino ng Labor contract.
 - ii. Lugar ng trabaho (Teknikal na pagsasanay)
 - iii. Mga nilalaman o nasasaklaw ng trabaho (uri ng trabaho)
 - iv. Oras ng simula/pagtatapos, pagpasok/pagliban sa trabaho, overtime work o trabaho na higit sa napagkasunduang oras, oras ng pahinga, araw ng pahinga, bakasyon, at iba pa.
 - v. Suweldo (batayang halaga ng suweldo, rate para sa overtime work)
 - vi. Tungkol sa pagreretiro
- Sa oras ng pagpasok sa kontrata ng paggawa, mangyaring basahin at intindihin mabuti ang mga nakasaad na kondisyon at kailanganin dito bago pasukan ito.
- Sa bansang Hapon, binabawas ang ankop na buwis mula sa kabuuang kinitang sahod sa loob ng isang buwan, kaya mangyaring kumpirmahin kung aktwal na natanggap ninyo ito. (Sumangguni sa pahina 64)
- Nararapat na makakuha ka ng kontrata sa pagtatrabaho at kasulatan ukol sa mga kondisyon sa pag-employo mula sa tagapangasiwa ng pagsasanay at kinakailangang panatilihin mo ito sa isang ligtas na lugar. (Sumangguni sa pahina bilang 128)

B Pagtanggap sa trabaho

- Ang pagtanggap sa trabaho ay ang pagtatapos ng kontrata na mula sa tagapangasiwa ng pagsasanay o kumpanya.
- Ang isang manggagawa ay hindi maaring basta tanggalin sa trabaho nang walang sapat na dahilan habang umiiral ang kontrata.
- Dagdag pa rito, kung kayo ay kinakailangang tanggalin sa trabaho dahil sa hindi maiiwasang dahilan,
 - ang kumpanya ay kinakailangang magbigay ng hindi bababa sa 30 araw na abiso bago ito ipatupad.
 - Kapag kayo ay hindi nabigyan ng 30 araw na abiso, kayo ay bibigyan ng bayad bilang severance pay na ang halaga ay depende sa kung ilang araw ang kailangan para sa pagtanggap sa trabaho.


Kung ikaw ay matatanggal sa kadahilanan na maaring maiugnay sa iyo, hindi na kakailanganin ang prior notice kung ito ay may patunay ng namumuno ng Labor Standards Inspector Office.

- Mahigpit na ipinagbabawal ang pagtanggap sa trabaho nang dahil sa mga sumusunod:
 - Panahon na liban sa trabaho upang sumailalim sa medikal na gamutan para sa sakit o kapinsalaan na natamo habang nagtatrabaho o sa loob ng 30 araw mula dito

15. 労働関係法令に関すること

あなた(技能実習生)には、実習実施者との労働関係の下、日本の労働基準法が適用され、法的に保護されています。その中の基本的で特に重要なものを、次の(1)から(4)で説明します。

【解説】労働契約関係



(1) 労働契約

A 労働契約の締結

- 労働契約の締結の際には、使用者は労働条件を書面で明示する義務があり(労働者が希望した場合は、FAXや電子メール、SNS等でも明示することができます。)、そのため雇用条件書が作成・交付されています。
- 雇用条件書には、以下の事項などが記されています。
 - ①労働契約期間
 - ②就業(技能実習)の場所
 - ③従事すべき業務(職種及び作業)の内容
 - ④始業・終業の時刻、所定労働時間を超える労働の有無、休憩時間、休日、休暇等に関する事など
 - ⑤賃金(基本賃金、所定時間外等の割増賃金率)
 - ⑥退職に関する事項
- 労働契約の締結に際しては、雇用条件書に記載されている労働条件を確認の上締結してください。
- 特に、賃金については、日本では、毎月の支払総額から税金などが差し引かれますので、自分が実際に受け取る金額を確認するようにしてください。(65ページ参照)
- あなたは、実習実施者から雇用契約書及び雇用条件書をもらい、必ず自ら大切に保管してください。(128ページ参照)

B 解雇

- 解雇とは、使用者である実習実施者からの申出による一方的な雇用契約の終了をいいます。
- あなたが雇用されている期間中、実習実施者は、やむを得ない事由がある場合でなければ、その契約の途中で解雇することはできません。
- また、やむを得ず解雇する場合であっても、
 - ・少なくとも30日前までの予告が必要です。
 - ・30日前での予告を行わないで解雇する場合、解雇までの日数に応じた解雇予告手当の支払いが必要です。

なお、あなたの責めに帰すべき事由によって解雇される場合で、労働基準監督署長の認定を受けているときには予告や予告手当は必要とされないことがあります。

- 次のような解雇は禁止されています。
 - ・業務上の傷病により休業する期間及びその後の30日間の解雇
 - ・労働基準監督署に申告したことを理由とする解雇

- Pagtatanggal sa trabaho dahil sa pag-uulat o paghahain ng reklamo sa pamunuan ng Labour Standards
 - Kung kayo ay sinabihan na tatanggalin sa trabaho at sa inyong palagay ay hindi katanggap-tanggap ang dahilan, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa aming organisasyon.
- Dagdag pa rito, kung kayo ay tatanggalin sa trabaho, maari kayong humingi ng paliwanag mula sa employer tungkol dito at ang employer ay kinakailangang magbigay ng nakasulat na paliwanag kung saan nakasaad ang dahilan ng pagtatanggal sa inyo.

(2) Oras ng trabaho at pahinga, bakasyon

i. Tuntunin ng oras ng trabaho, oras ng pahinga, at bakasyon

- Alinsunod sa Labour Standards Act, ang mga manggagawa ay hindi maaring magtrabaho nang mahigit sa 8 oras sa isang araw o 40 oras sa loob ng isang linggo, hindi kasama ang oras ng pahinga (oras ng trabaho na itinakda ng batas).
- Gayunpaman, ang mga employer ay maaari ding bumuo ng ibang sistema ng araw ng trabaho at araw ng bakasyon batay sa tuntuning ito kung kinakailangan.
- Obligasyon ng organisasyong nagpapatupad na bigyan kayo ng pahinga ng 45 minuto kapag ang oras ng pagtatrabaho ay higit sa anim (6) na oras, at isang oras na pahinga kapag higit naman sa walong oras ang pagtatrabaho.
- Ang employer ay kinakailangang magbigay ng isang araw ng pahinga kada linggo o hindi bababa sa apat na araw sa loob ng apat na linggong pagtatrabaho (araw ng bakasyon na itinakda ng batas).
- Sa larangan ng agrikultura at pangingsda, bagama't walang nalalapat na probisyon ng batas hinggil sa oras ng pagtatrabaho at pahinga, pati na rin ang mga araw ng pahinga, ang mga patakaran hingil sa mga technical internship trainee ay kinakailangang sumunod sa mga pamantayan ng Labor Standards Act.



ii. Overtime work, pagtrabaho sa araw ng bakasyon

- Kung sakaling kailangang magtrabaho nang mahigit sa oras na itinakda ng Labour Standards Act o magtrabaho sa araw ng bakasyon, ang employer at unyon ng manggagawa (kung may unyon ng manggagawa sa kumpanya) o taong kumakatawan sa karamihan ng mga manggagawa (kung walang unyon ng manggagawa sa kumpanya) ay kinakailangang magkaroon ng nakasulat na kasunduan kung saan nakasaad ang oras ng overtime work, dahilan sa pagbibigay ng overtime work, mga tungkulin o trabaho na gagawin, at iba pa. Ang employer ay kinakailangang magbigay ng ulat hinggil sa napagkasunduan sa pamunuan ng Labour Standards.

iii. Kabayaran para sa overtime work, karagdagang bayad para sa trabahong naganap sa araw ng bakasyon at sa night shift

- Ang employer ay kinakailangang magbigay ng dagdag na bayad para sa manggagawa na magtatrabaho nang higit sa itinakdang oras o magtatrabaho sa araw ng bakasyon.

- i. Ang rate para sa oras ng trabaho na mahigit sa itinakda ng batas (overtime work) ay karaniwang mas mataas ng 25% kumpara sa regular na rate ng suweldo.
- ii. Kapag nagtrabaho sa araw ng bakasyon (legal na araw ng bakasyon), ang rate ay mas mataas ng 35% kumpara sa regular na rate ng suweldo.
- iii. Kapag nagtrabaho sa gabi, mula 10:00p.m. hanggang 5:00a.m., (panggabing trabaho), ang rate ay mas mataas ng 25% kumpara sa regular na rate ng suweldo.

- Halimbawa: Kapag gumawa ng overtime work at nagtrabaho sa gabi (i.+iii.), ang rate ng suweldo ay tataas nang higit sa 50%.

* Kapag ang overtime work sa isang buwan ay higit sa 60 oras, ang employer ay kinakailangang magbayad ng 50% o higit pa para sa overtime work.

(3) Taunang Bakasyon

Ang manggagawa na patuloy na nagtatrabaho sa isang kumpanya nang hindi bababa sa anim na buwan at pumasok ng hindi bababa sa 80% ng kabuuang panahon na nagtatrabaho ay nagtatamo ng karapatang humingi ng sampung (10) araw na taunang may bayad na bakasyon. Pagkatapos, dadami ang makukuha ninyong araw na bakasyon sa bawat taong natapos na technical intern training.

Bilang ng taon na nagtatrabaho	6 na buwan	1 taon 6 na buwan	2 taon 6 na buwan	3 taon 6 na buwan	4 na taon 6 na buwan	5 taon 6 na buwan	6 na taon at 6 na buwan at higit pa
Bilang ng araw ng taunang may bayad na bakasyon na ipagkakaloob	10 araw	11 araw	12 araw	14 na araw	16 na araw	18 araw	20 araw

○ 仮にあなたが解雇すると告げられ、納得できない場合には、機構に相談しましょう。
 なお、仮に解雇されることになった場合、あなたから請求があれば、使用者は書面にて解雇の理由を明らかにし交付しなければなりません。

(2) 労働時間と休憩・休日

①労働時間と休憩・休日の原則

- ・労働基準法では、原則として、週40時間、1日8時間を超えて労働させてはなりません(法定労働時間)。
 なお、一定の要件の下で、この原則によらない変形労働時間制を採用することがあります。
- ・労働時間が6時間を超える場合は45分、8時間を超える場合は60分の休憩を労働時間の途中に与えなければなりません。
- ・少なくとも毎週1日の休日か、4週間を通じて4日以上の日を与えなければなりません(法定休日)。
- ・農業や水産業の分野では、労働時間や休憩・休日の規定の適用はありませんが、技能実習生については労働基準法の基準に準拠することとされています。



②時間外労働・休日労働

- ・使用者が、この労働基準法で定められた労働時間(法定労働時間)を超えて労働させる場合(時間外労働)、または法定休日に労働(休日労働)させる場合には、時間外労働をさせる事由、業務の種類、延長することができる時間等について、事業場の労働者の過半数を代表する者(労働者の過半数で組織する労働組合がある場合は、その労働組合)と労使協定を締結し、所轄の労働基準監督署長に届け出ておかねばなりません。

③時間外・休日・深夜割増賃金

- ・使用者が労働者に法定時間外労働(残業)をさせた場合などには、割増賃金を支払わなければなりません。

- ①法定労働時間を超えて働かせた時間(時間外労働)は通常賃金の25%以上増し
- ②法定休日に働かせた時(休日労働)は通常賃金の35%以上増し
- ③午後10時から午前5時までの深夜に働かせた時(深夜労働)は通常賃金の25%以上増し

- 例えば、法定労働時間外の労働かつ深夜労働であった場合(①+③)は、支給される賃金は50%以上増えます。

※1か月の間に60時間を超えて時間外労働をさせた場合には、その超えた時間の労働について50%以上の割増賃金を支払わなければなりません。

(3) 年次有給休暇

雇用開始後6か月以上継続して勤務し、全労働日の8割以上出勤した労働者には、10日間の年次有給休暇を取得する権利が与えられます。その後、1年ごとに取れる休暇日数は増えていきます。

勤務年数	6か月	1年6か月	2年6か月	3年6か月	4年6か月	5年6か月	6年6か月
付与日数	10日	11日	12日	14日	16日	16日	20日

Higit pa, bilang patakaran, maaari ninyong gamitin ang ilang araw na bakasyon na may bayad sa anumang oras ng taon, kung ito man ay sa dahilang makapagpahinga o para magpakasap lamang. Gayunpaman, ang pagbibigay ng pagkakataong magbakasyon ay alinsunod sa pangangailangan ng kumpanya sa panahon ng inyong paghiling, kung kaya't may posibilidad na mabago ang kapanahunan ng pagbabakasyon para masiguro na hindi ito magdudulot ng abala sa pangkaraniwang takbo ng negosyo.

Mahigpit na ipinagbabawal ng batas ang pagbili o pagbabayad ng employer kapalit ng pagbibigay ng taunang may bayad na bakasyon.



* Mula Abril 2019, obligado ang employer na ipagamit sa manggagawa na binigyan ng taunang bayad na leave na 10 araw o higit pa, ang 5 araw mula sa taunang bayad na leave (hindi kasama ang bilang ng mga araw na nagamit na ng manggagawa) sa tinukoy na panahon. Nararapat na pakinggan ng mga employer ang mga opinyon ng mga manggagawa at magsikap na igalang ang mga opinyon nila (ukol sa pagkuha ng paid leave) hangga't maaari upang matugunan ang kagustuhan ng mga manggagawa.

(4) Suweldo

• Pamaraan ng pagbabayad ng suweldo

- Sa pagbabayad ng sahod, kinakailangang bayaran ng employer ang empleyado sa pamanagitan ng 1. cash 2. ng buong halaga 3. kahit isang beses bawa't buwan 4. sa nakatakdang araw at 5. nang direkto sa empleyado. Gayunpaman, kung sumasang-ayon ang manggagawa, pinahihintulutan rin ang bank transfer sa bank account na itutukoy ng manggagawa sa halip na cash. Bilang karagdagan, kapag gagawin ang bank transfer, kailangan ay naayon ito sa mga sumusunod na kondisyon.

- i. Ang manggagawa ay nagbigay ng nasusulat na pahintulot
- ii. Magawang magbayad sa petsa na tinukoy bilang petsa ng pagbabayad ng wage.
- iii. Maglabas ng wage statement (detailed statement)
- iv. Gawin ang kasunduan sa paggawa sa pagtransfer ng account.



- Ang mga taxes, social insurance premium, employment insurance premium, atbp. Ay ibabawas mula sa sahod alinsunod sa batas at regulasyon. Bilang karagdagan, kapag maagang napagpasyahan ang kasunduan sa paggawa, ang pambayad sa dormitoryo, kasama ang gastusin para sa tubig, ilaw, gas at pagkain ay ibabawas din sa sahod.

(*) "Kaalaman tungkol sa kalkulasyon ng buwis" (sumangguni sa pahina 66.)

- Ang bayad para sa pangangasiwa na kinukuha ng namamahaling organisasyon mula sa tagapangasiwa ng pagsasanay ay hindi dapat pinapasan ng Technical intern Trainees at hindi kinakaltas sa kanilang sahod.

[Komentaryo] Tungkol sa bayad para sa pangangasiwa

Gastos ng namamahaling organisasyon para maisagawa ang mga gawain na kaugnay sa sa pagtanggap ng Technical Intern Trainees. Ang mga gastusing ito ay binabayaran ng mga nangangasiwang organisasyon at tagapangasiwa ng pagsasanay at hindi kailanman babayaran ng mga technical trainees, kaya ito ay hindi maaring bawasin mula sa allowance para sa training o suweldo.

• Halaga ng suweldo

- Ang employer ay hindi maaaring magbigay ng sahod na ang halaga ay mas mababa sa pinakamababang halaga ng sahod na itinakda ng Minimum Wage Act para sa bawat prefecture o ang tinutukoy na pinakamababang halaga ng sahod na naaangkop sa isang partikular na industriya alinsunod sa Minimum Wage Act.

また、原則として有給休暇は休養のためでもレジャーのためでも利用目的を問われることなく、労働者の請求した時季に取得することができます。ただし、請求された時季に有給休暇を与えることが事業の正常な運営を妨げる場合においては、他の時季に変更される場合があります。

なお、この年次有給休暇を使用者が買い上げることは禁止されています。



※平成31年(2019年)4月から、年10日以上年次有給休暇が付与される労働者に対し、年次有給休暇のうち年5日(労働者がすでに取得・請求した日数を除く。)につ

いては、使用者が時季を指定するなどして取得させることが義務付けられました。使用者は、時季の指定に当たっては、労働者の意見を聴取し、できる限り労働者の希望に添うよう、聴取した意見を尊重するよう努めなければなりません。

(4) 賃金

○賃金の支払い方法

- ・ 賃金の支払いについて、使用者は、①通貨で②全額を③毎月1回以上④一定の期日を定めて⑤直接本人に支払うことになっています。

ただし、労働者本人が同意すれば、現金ではなく、労働者本人が指定した銀行等の、労働者本人の預金口座又は貯金口座に振り込むことも認められます。なお、口座振込にする場合、以下の条件を全て満たすことが必要です。

- ①本人の書面による同意を得ること
- ②賃金支給日として決められた日に払出しができるようにすること
- ③賃金計算書(明細書)を交付すること
